


Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino Unang Markahan – Modyul 6: Gamit ng Wika sa Lipunan (Instrumental at Regulatori)



Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 6: Gamit ng Wika sa Lipunan (Instrumental at Regulatori) Unang Edisyon, 2021

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Christine C. Bobadilla
Editor:	Fritz M. Bahilango
Tagasuri:	Ernesto C. Caberte, Jr., Leilanie E. Vizarra, Yolanda B. Mojica, Mark P. Profeta, Leonila L. Custodio
Tagaguhit:	Ronie C. Suinan
Tagalapat:	Jera Mae B. Cruzado, Precious Mae B. Yaya
Tagapamahala:	Francis Cesar B. Bringas Job S. Zape Jr. Ramonito O. Elumbaring Reicon C. Condes Elaine T. Balaogan Fe M. Ong-ongowan Rommel C. Bautista Galileo L. Go, Randy D. Punzalan Elpidia B. Bergado Noel S. Ortega Maribeth C. Rieta Leonila L. Custodio Julie Anne V. Vertudes

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal

Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487

E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

**Komunikasyon
at Pananaliksik sa Wika
at Kulturang Pilipino
Unang Markahan – Modyul 6:
Gamit ng Wika sa Lipunan
(Instrumental at Regulatori)**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa at isinulat para sa iyo bilang isang mag-aaral. Ito ay makatutulong upang matutuhan ang tungkol sa *Gamit ng Wika sa Lipunan*. Ang saklaw ng modyul na ito ay magagamit sa ano mang kalagayan ng mag-aaral. Ang mga salitang ginamit dito ay angkop sa lebel ng pang-unawa ng mag-aaral na naaayon sa pamantayan nito.

Kasanayang Pampagkatuto:

Nabibigyang-kahulugan ang mga komunikatibong gamit ng wika sa lipunan
(Ayon kay M.A.K. Halliday) **F11PT – Ic – 86**

Layunin:

- Nauunawaan ang kahulugan ng komunikatibong gamit ng wika sa lipunan
- Natutukoy ang mga gamit ng wika sa lipunan na ginamit sa pangungusap
- Nailalarawan ang tamang gamit ng wika sa lipunan bilang instrumento sa pag-unawa



Subukin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na sitwasyon. Tukuyin kung anong tungkulin at gamit ng wika ang isinasaad sa bawat bilang. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. May ibinigay na takdang-aralin ang iyong guro. Para masagot ito, kailangan mong magsaliksik sa pamamagitan ng pagkonsulta sa iba't ibang sanggunian tulad ng mga aklat at internet.
 - a. Heuristiko
 - b. Impormatibo
 - c. Instrumental
 - d. Regulatori
2. Nagtanong ka sa iyong kaibigan kung saan ang mabilis at madaling daan para makarating sa inyong pagkakampingan sa Laguna. Itinuro niya sa iyo ang tama, mabilis, at ligtas na daan papunta roon.
 - a. Heuristiko
 - b. Impormatibo
 - c. Instrumental
 - d. Regulatori
3. Gumagawa ka ng proyekto sa Filipino. Ito ay isang *spoken word poetry*. Nais mong ihandog sa iyong ina ang tulang ito sa kaniyang kaarawan.
 - a. Imahinatibo
 - b. Interaksiyunal
 - c. Personal
 - d. Representatibo
4. Namamasyal ka sa isang parke. Maganda ang tanawin at maraming naggagandahang bulaklak. Gusto mo sanang pumitas para amuyin ang mabango nitong amoy, pero may nakita kang nakasulat sa isang paskil. Bawal pumitas ng mga bulaklak.
 - a. Imahinatibo
 - b. Interaksiyunal
 - c. Instrumental
 - d. Regulatori
5. May matalik kang kaibigan na magdiriwang ng kaniyang kaarawan bukas, gusto mong mag-*bake* ng *cake* para sa kaniya. Binasa mong mabuti ang resipi at maingat na sinunod ang bawat hakbang sa pagluluto.
 - a. Heuristiko
 - b. Instrumental
 - c. Personal
 - d. Regulatori
6. Maagang pumasok si Tina upang magtungo sa silid-aklatan. Nagtungo siya sa *custodian* upang magtanong kung saang seksiyon makikita ang kaniyang hahanaping aklat.
 - a. Impormatibo
 - b. Instrumental
 - c. Heuristiko
 - d. Regulatori

7. *Fiesta* sa baryo Kayquit, abala ang lahat dahil may agarang luluuin na dapat mailuto. Si Josie ang tagaluto sa bahay ni Aling Zeny. Nais niyang subukang iluto ang paborito niyang menudong Tagalog.
- Heuristiko
 - Instrumental
 - Personal
 - Regulatori
8. Si Mang Toni ay isang magaling na makata. Isa sa paborito niyang bigkasin ay tungkol sa “Pag-Ibig na Walang Maliw.”
- Imahinasyon
 - Instrumental
 - Personal
 - Regulatori
9. Si Carlos ay mahusay na manlalaro ng basketbol. Dahil kilala siya sa kanilang eskuwelahan bilang *varsity*, marami ang humahanga sa kaniyang husay at galing sa paglalaro. Umuwi siya ng hating gabi na dahil sa pag-eensayo, napagsabihan siya ng kaniyang ama dahil delikado na ang panahon.
- Imahinatibo
 - Instrumental
 - Personal
 - Regulatori
10. Balik-bayan si Gng. Rosie sa kanilang probinsiya. Marami sa kaniya ang bumibisita dahil sa tagal na hindi sila nagkita.
- Imahinatibo
 - Instrumental
 - Interaksyunal
 - Regulatori

Sa pamamagitan ng talahanayan, tunghayan ang mga gamit ng wika sa lipunan gamit ang INSTRUMENTAL at REGULATORI. Ipaliwanag ang nasabing tungkulin ng wika sa epektibong pakikipagkomunikasyon.

PANG-INSTRUMENTAL	PANREGULATORI
11. pakikitungo	pagbibigay ng panuto
12. pangangalakal	pagbibigay ng direksiyon
13. pag-uutos	paalaala
14. pakikiusap	paggabay
15. paggawa ng liham	pagkontrol

Aralin

1

Gamit ng Wika sa Lipunan (Instrumental at Regulatori)

Bawat indibiduwal ay may sapat na kakayahang magamit ang isang wika na kailangang pagtuunan ng pansin upang sanayin ang sarili sa bawat tungkulin. May mga pagkakataong kinakailangang gamitin ang isang tungkulin sa isang sitwasyon, at may pagkakataon din na kailangang gamitin ang dalawa o higit pang tungkuling pangwika sa isang sitwasyon.



Balikan

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang malinaw na pagkakaiba ng instrumental at regulatori na gamit ng wika sa lipunan?
2. Bakit mahalagang gamitin ang mga gampanin ng wika sa pang-araw-araw nating pamumuhay gamit ang *social media*?
3. Ano-ano ang katangian ng gamit ng wika?
4. Paano ginagamit ang mga gamit ng wika sa lipunan bilang pagbibigay-halimbawa?
5. Bakit mahalagang gamitin ang mga gamit ng wika sa pagpapaliwanag at pagbibigay-halimbawa nito mula sa iba't ibang *social media* at *post*?



Mga Tala para sa Guro

Tandaan: Tiyaking nauunawaan at masunod ng mga mag-aaral ang mga panuto sa pagsasagot. Makatutulong kung basahin munang mabuti ng mga mag-aaral ang lahat ng bahagi at panuto bago ito simulan. Ipinaaalala rin ng guro ang pagpapahalaga sa katapatan sa pagsasagot at pagwawasto nito.



Tuklasin

Gamit ng Wika sa Lipunan (Instrumental at Regulatori)

Ayon kay Halliday sa kanyang *Explorations in the Functions of Language* na inilathala noong 1973, ang mga tungkuling ginagampanan ng wika sa ating buhay ay kinakategorya. Ginagamit nang pasalita at pasulat ang nasabing tungkulin. Pasalita man o pasulat, may kani-kaniyang gamit ang wika sa lipunan. Mahalaga ang nasabing mga tungkulin o gamit ng wika sa epektibong pakikipagkomunikasyon. Tunghayan ang mga gamit ng wika sa lipunan.

Ang instrumental na gamit ng wika ay ginagamit upang tumugon sa pangangailangan. Pangunahing instrumento ang wika upang makuha o matamo ng tao ang kaniyang mga lunggati o pangangailangan. Ang maayos at matalinong paggamit ng wika ay nagbubunga nang malawakang kaayusan sapagkat hindi lamang nito nagagawang magpaunawa kundi pumukaw ng damdamin at kaisipan.

Ang regulatori naman ay ang wikang kumokontrol o gumagabay sa kilos at asal ng tao. Sa maayos at malumanay na gamit ng wika inilalahad ng mga magulang ang kanilang pangaral upang maging maayos ang kanilang mga anak. Obserbahan ang mga babala, karatula, o kautusan na malimit makitang nakapaskil sa mga pampublikong lugar.

Halimbawa:

Instrumental

- Pakiabot mo naman ang *folder* na nasa ibabaw ng mesa.
- Maaari ko bang malaman kung gaano katagal bago matapos ang proyektong ito?
- Ano-anong departamento ang kailangan kong daanan bago makarating sa tanggapan ng gobernador?

Halimbawa:

Regulatori

- Bawal pumitas ng bulaklak.
- Huwag gumamit ng bolpen sa pagsagot, gumamit ng lapis.
- Basahing mabuti ang pangungusap bago mangatuwiran.
- Bawal manigarilyo.



Suriin

Panuto: Tukuyin kung anong gamit ng wika sa lipunan ang sumusunod. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.


1. Bawal umihi dito.
 - a. Imahinatibo
 - b. Interaksiyunal
 - c. Personal
 - d. Regulatori

2. Pakiabot mo naman ang *folder* na nasa ibabaw ng mesa.
 - a. Heuristiko
 - b. Instrumental
 - c. Personal
 - d. Regulatori

3. Maaari ko bang malaman kung gaano katagal bago matapos ang proyektong ito?
 - a. Impormatibo
 - b. Instrumental
 - c. Heuristiko
 - d. Personal

4. Smoking Area.
 - a. Impormatibo
 - b. Heuristiko
 - c. Personal
 - d. Regulatori

5. Slow Down School Zone.
 - a. Impormatibo
 - b. Instrumental
 - c. Personal
 - d. Regulatori



Pagyamanin

Pag-unawa sa Gamit ng Wika sa Lipunan

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga sitwasyon. Ilapat ang nauunawaang kahulugan ng gamit ng wika sa lipunan sa nasabing sitwasyon. Pumili lamang ng tatlo sa mga pamimilian. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. Pakikisuyo sa kapatid na dalhin ang gamit niya sa kuwarto.
2. Paggawa ng resipi ng ulam.
3. Pagbabasa ng mga karatula sa daan.
4. Paggawa ng liham na nagtatanong kung paano makakakuha ng iskolarsyip sa isang unibersidad.
5. Paglalagay ng mga babala sa daan.
6. Pakikiusap na matanggap sa trabaho.
7. Paggawa ng *cake* sa kaarawan.
8. Pagbibigay ng direksyon ng guro sa mga mag-aaral kung ano ang gagawin sa pagsusulit.
9. Pagpapaalala ng ina sa mga anak na dapat makauwi ng tamang oras.
10. Pagbibigay-kabatiran sa sitwasyon ng pandemya.



Isaisip

Panuto: Pumili ng tatlo sa mga kaban ng kaalaman. Ipaliwanag ang isinasaad na kabuluhan nito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sa pamamagitan ng wika ay naipahahayag at nabibigyang-representasyon ng tao ang kaniyang sarili.
2. Instrumento ang wika hindi lamang para maipaunawa ang sarili kundi upang mapakilos ang kapuwa.
3. Nauukol ito sa mga bagay na nasa paligid o lugar na karaniwang pinangyayarihan ng pag-uusap. Nagsisilbing representasyon din ang lugar sa uri ng pagpapahalagang mayroon ang mga naninirahan dito.
4. May kinalaman din ito sa tinatawag na konteksto ng sitwasyon.
5. Nakatuon din ang gampanin ng wika sa tsanel o daluyan ng mensahe bilang behikulo o kasangkapan sa paghahatid ng mensahe.
6. Katulad ng nailahad ni Buhler, naglalayon itong maimpluwensiyahan ang pagkilos ng kapuwa sa pamamagitan ng mga salitang mahihiwatigan ng pag-uutos o paghingi ng pabor.
7. Ito ay tumutugon din sa pangangailangan. Nagpapahayag ng pakiusap, pagtatanong at pag-uutos.
8. Isa rin ito sa pagbibigay ng gabay, kumokontrol sa kilos o asal ng iba.
9. Nakapagpapanatili at nakapagpapatatag ng relasyong sosyal.
10. Nagpapahayag ng komunikasyon sa pamamagitan ng mga simbolo o sagisag.



Isagawa

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang loob ng talahanayan kung ito ay iyong ginagawa. Tumutugon ito sa gamit ng wika sa lipunan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Pamantayan sa pagmamarka:

- 4- Lubos na Sumasang-ayon
- 3- Sumasang-ayon
- 2- Di-gaanong sumasang-ayon
- 1- Hindi sang-ayon

Pahayag	4	3	2	1
1. Pagsunod sa mga babala o panuto.				
2. Pagsunod sa mga ipinag-uutos ng batas.				
3. Paggamit ng pakiusap tuwing mag-uutos.				
4. Pagtatanong sa magulang kung ano ang maaaring kuhaning trabaho kapag nakatapos na ng pag-aaral.				
5. Pagsunod sa mga <i>sign board</i> na makikita sa paligid na ipinatutupad ng pamahalaan.				



Tayahin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na sitwasyon. Tukuyin kung anong tungkulin at gamit ng wika ang isinasaad sa bawat bilang. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

1. Kalat mo, linis mo!
 - a. Instrumental
 - b. Interaksiyunal
 - c. Personal
 - d. Regulatori

2. Pakikuha mo nga ako ng isang basong tubig.
 - a. Instrumental
 - b. Interaksiyunal
 - c. Personal
 - d. Regulatori

3. Maaari ko bang malaman kung gaano katagal matapos ang proyekto ng Sangguniang Kabataan?
 - a. Instrumental
 - b. Interaksiyunal
 - c. Personal
 - d. Regulatori

4. Bawal magtapon ng basura sa daan.
 - a. Instrumental
 - b. Interaksiyunal
 - c. Personal
 - d. Regulatori

5. Bawal pumitas ng mga bulaklak.
 - a. Instrumental
 - b. Interaksiyunal
 - c. Personal
 - d. Regulatori

6. Pagsulat ng liham sa kaibigan.
 - a. Regulatori
 - b. Instrumental
 - c. Interaksiyunal
 - d. Personal

7. Pagbibigay ng direksiyon sa pupuntahan.
 - a. Personal
 - b. Regulatori
 - c. Instrumental
 - d. Interaksiyunal

8. Pagpapaalaala ng ina sa anak sa oras ng pag-uwi.
 - a. Personal
 - b. Instrumental
 - c. Regulatori
 - d. Interaksiyunal


9. Pagbibigay ng panuto sa pagkuha ng pagsusulit.
 - a. Instrumental
 - b. Personal
 - c. Regulatori
 - d. Interaksiyunal

10. Pag-uutos sa kapatid sa paghahatid ng pagkain.
 - a. Interaksiyunal
 - b. Regulatori
 - c. Instrumental
 - d. Personal

Gamit ang tungkulin ng wika ang INSTRUMENTAL at REGULATORI, ipaliwanag kung saan at paano nakatutulong ang gamit ng wika sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay.

INSTRUMENTAL

REGULATORI



Karagdagang Gawain

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat sitwasyon. Suriin ang sitwasyon bago isulat ang angkop na pahayag. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. May dumating na panauhin sa inyong bahay. Paano mo siya kakausapin? Ano ang sasabihin mo sa kaniya?
2. Hindi mo maabot ang iyong bag dahil masikip ang kinalalagyan mo. Daraan ang isa mong kaklase at makikisuyo kang abutin ito para sa iyo. Paano mo ito sasabihin?
3. Naniniwala ka na malaki ang magagawa ng kabataang tulad mo sa pag-unlad ng ating bansa. Paano mo ito ipahahayag?
4. Maraming bata ang nakita mo sa kalye na namamalimos. Paano mo sila matutulungan? Ano ang isang bagay na magagawa mo para sa kanila?
5. May pagpupulong sa inyong barangay. Ikaw ang naatasan na manguna sa pagbabahagi ng mga problema sa inyong barangay. Paano mo ito sasabihin? Ano ang iyong agenda?



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1. B
2. B
3. D
4. A
5. B
6. B
7. B
8. C
9. C
10. C

11-15 SARILING
PAGPAPALIWANAG NG
MGA MAG-AARAL

Surtin

1. C
2. B
3. B
4. C
5. D

Pagymanin

1. INSTRUMENTAL
2. REGULATORI
3. REGULATORI
4. INSTRUMENTAL
5. REGULATORI
6. INSTRUMENTAL
7. REGULATORI
8. REGULATORI
9. INSTRUMENTAL
10. INSTRUMENTAL

Subukin

1. B
2. C
3. C
4. C
5. B
6. B
7. C
8. D
9. A
10. B

11-15 SARILING
PAGPAPALIWANAG NG
MAG-AARAL

Sanggunian

Aguilar, Canega, et.al. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Jenher Publishing House.Inc.

Jocson, Magdalena O. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*.Vibal Group Inc.

Villanueva, Voltaire M. 2018. *#ABKD (Ako Bibo Kase Dapat) : Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro sa Agham Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao at Filipino*. VMV11483 Book Publishing House.

<https://www.panitikan.com.ph/kahulugan-ng-lingguwistikong-komunidad>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph